**PATNUBAY SA OPERALISASYON NG FILIIPINO SA 2002 KURIKULUM BATAYANG EDUKASYON**
**SA LEVEL SEKONDARI**
**Departmento ng Edukasyon**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG SEKONDARI**
**DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City**

5

**DESKRIPSYON**

**A.Mga Batayang Konseptwal**

Dalawa ang pangunahing dahilan kung bakit itinuturo ang Filipino sa atingmga paaralang pambansa. Ang mga dahilang ito ay nakatadhana sa umiiralna Patakarang Edukasyong Bilingwal. Una, ituturo ito bilang isang sabjekpangwika. Ikalawa, upang magamit ang wikang ito bilang wikangpangklasrum sa iba pang sabjek na ginagamitan ng Filipino bilang wikangpanturo**.** Malinaw ang pagkakaiba ng dalawang layunin subalit magkatuwangng kaganapan sa pagkatuto. Kinakailangang matutuhan ang Filipino bilangisang wikang may sariling kakanayahan upang magamit ito ng efektivo sapagkatuto ng iba pang sabjek na itinuturo sa Filipino.

Sa konsiderasyon ng pagkatuto at pagtuturo ng Filipino sa levelsekondari, isinaalang-alang din ang mga sumusunod na kaisipan mula samga eksperto.

Ayon kay Otanes ( 2001), sa anuman daw balaking bumuo ng isangkurikulum pangwika, kinakailangang bigyang focus ang mga mag-aaral naang pangunahing layunin ay ang matuto ng wika upang sila aymakapaghanapbuhay,
makipamuhay
sa
kanilang
kapwa
at
makapagpahalaga sa kagandahan ng buhay na kanilang ginagalawan.

Ayon naman kay Espiritu ( 2001), nararapat daw ikonsidera ang mgaumiiral na teorya sa pagkatuto at pagtuturo ng wika sa anumangpagtatangkang bumuo ng isang kurikulum pangwika. Sa pagtuturo wika sasekondari, nararapat daw na malinang ang kognitibo/akademikongkasanayang pangwika. Maaari din daw ipasok ang pagsusuri ng istruktura nggramatika ng wika sa level na ito sapagkat sa panahon daw na ito, maykakayahan ng maglinaw,magsuri, mag-evalweyt at mag-synthesize ang mgamag-aaral ng kanilang mga natutuhan.

Sa pagbibigay ng tuon sa mga tiyak na istrukturang gramatikal bilangbahagi ng pagkatuto ng wika, naging batayan ang mga kaisipan ni Sibayan(1998). Ayon sa kanya, “ A knowledge of grammatical rules is useful. Forexample, a good knowledge of the eight parts of speech is important becauseone cannot use the dictionary intelligently as an aid to learning withoutknowing the verb or adjective is and their function in a sentence. Properlytaught the basic of grammar rules, the learners will understand andappreciate the language”.

Sa pamamagitan ng mga kaisipang nabanggit, nabuo ang isang batayangkonseptwal. Bilang isang larangan ng pagkatuto sa level sekondari, ang pangunahing mithiin ng Filipino ay ang makadevelop ng isang gradweytnamabisang komyunikeytor sa Filipino. Upang masabing mabisangkomyunikeytor sa Filipino, kinakailangang taglay niya ang mga

pangangailangang kasanayang makro – ang pagbasa, pagsulat, pagsasalitaat pakikinig. Bilang isang sanay sa komunikatibong pakikipagtalastasan,nararapat na may kabatiran at kasanayan siya sa apat na komponent ngkasanayang komunikatibo tulad ng diskorsal, gramatikal, sosyo-lingwistik atistratejik. Sa proseso ng pagkatuto, magiging hanguan ng kaalaman atkasanayang pangwika ang mga pangnilalaman partikular ay sa AralingPanlipunan. Nakasandig din ang pagtuturo/pagkatuto ng Filipino sa mgapampamahalaang target, apat na haligi ng pagkatuto at ang visyon at misyonng departamento.

**B. Kontent**

Bilang isang larangan ng pagkatuto at pantulong na sabjek sa level sekondari, makikilala ang Filipino bilang **FILIPINO SA ISKOLARLING PAKIKIPAGTALASTASAN.**

Sa unang dalawang taon (Una at Ikalawang Taon), ang bibigyan ng focusay ang masusing pag-aanalisa at pag-aaral ng mga tiyak na istrukturanggramatikal ng Filipino bilang isang wikakasabay sa pagtatamo ng wastongkasanayan sa maunawang pagbasa. Upang matamo ito, pagsasanibinangmga interdisiplinaring paksa at vokabularyong nakapaloob sa iba't ibang uring texto tulad ng mga textong prosijural, referensyal, jornalistik, literari atpolitiko-ekonomikatang pagkatuto ng iba't ibang istrukturang gramatikal.

Sa huling dalawang taon (Ikatlo at Ikaapat na Taon), ang focus ay angpagtatamo ng mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng kritikal na pagbabasaat pag-unawa sa iba't ibang genre ng panitikang ( lokal at rehyunal, nasyunalat Asyano) nakasalin sa Filipino.

Sa bawat taon, mananatili ang pagbibigay ng tiyak na atensyon sapaglinang sa pasulat na komunikasyon sa pamamagitan ng eksposyur saiba't ibang uri ng komposisyon at malikhaing pagsulat. Ito ay pagtutuunan ngisang linggong sesyon sa bawat markahan.

Mananatili pa rin ang pagbibigay pansin sa mga tiyak na akda bilang mgaakdang **pampanitikan. SaUnang Taon – Ibong Adarna,Florante at Lauranaman sa Ikalawang Taon , Noli** me Tangere sa Ikatlong Taon at ElFilibusterismo sa Ikaapat na Taon.Pagtutuunan ang mga akdang ito ngdalawang linggong sesyon sa bawat markahan.

Ang bibigyan ng pansin sa apat na taong pag-aaral ng Filipino ay ang pagtatamo ng kasanayan sa akademikong wika.

Hindi nagkaroon ng radikal na pagbabago sa kontent ng Filipino bilangsabjek sa level sekondari. Nanatili ang pagtuturo ng gramatika ng wika at ngpanitikan. Binigyan lamang ng focus ang maunawang pagbasa sa tulong ngiba't ibang uti ng texto upang malinang ang kasanayang lingwistika ng mga



mag-aaral. Sa panitikan, tiniyak lamang ang mga batayan at sukatan ng pagkatuto tulad ng mga tiyak na teorya, pamantayan at simulain.

YUNIT KREDIT/LAANG ORAS PANGKLASRUM:

Basahin ang DepEd Order No. 37, s. 2003, " Revised ImplementingGuidelines of the 2003 Secondary Education Curriculum Effective School 2003-2004"

**MGA INAASAHANG BUNGA SA BAWAT TAON**

Pagkatapos ng Ikaapat na Taon, ang isang gradweyt ay nagtataglay ngkahusayan, kaalaman at angkop na kamalayan sa pagsasagawa ng mapanuringpaghuhusga sa

kagandahan at sining ng panitikan batay na rin sa mga tanggapna pamantayan, istandard at teorya ng pamumuna. ( sa tulong ng mga akdangrehyunal at Asyanong nakasalin sa Filipino)

Pagkatapos ng Ikatlong Taon, ang isang mag-aaral ay dapat nanagtataglay na ng kahusayan, kaalaman at angkop na kamalayan sapagsasagawa ng kritikal na pagpapasya upang mabigyang-halaga ang atingpambansang panitikan batay sa mga umiiral at tiyak na pamantayan, istandard atteoryang pampanitikan.

Sa pagtatapos ng Ikalawang Taon, ang isang mag-aaral ay dapat nanagtataglay na ng kognitivo ng kasanayan at kahusayan sa maunawang pagbasang iba't ibang texto at nagagamit nang wasto ang angkop na istrukturanggramatikal sa isang akademikong pakikipagtalastasan.

Sa pagtatapos ng Unang Taon, ang isang mag-aaral ay nararapat nanagtataglay na ng sapat na kasanayan at kaalamang magamit nang wasto angmga angkop na istrukturang gramatikal sa isang iskolarling pakikipagtalastasansa tulong ng mapanuring pagbasa ng iba't ibang uri ng texto.

9

**Ikatlong Taon**
**Unang Markahan**
**A.Mga Batayang Kaalaman sa Pag-aaral ng Akdang Pampanitikan**

1. Elemento – Tula
2. Paraan ng Paglalahad – Sanaysay
3. Kombensyon – Dula
4. Istruktura – Nobela
5. Uri – Maikling Kwento
6. Tungkulin – Iskrip ng Dulang Pampelikula
7. Kalikasan – Maikling Kwento

**B.Noli Me Tangere**

8. Pagsusuri sa Pagkapanitikan nito Bilang Isang Nobela
9. Pagsusuri sa Pagkapanitikan nito Bilang Isang Nobela

**C.Aralin sa Pagsulat**

10. Malikhaing Pagsulat ng Komposisyon
-Liham-Paanyaya sa Isang Panauhing Tagapanayam

**Ikalawang Markahan**
A.**Pagbasa at Pagpapahalagang Pampanitikan**

1.Batay sa Teoryang Imahismo – Tula
2.Batay sa Teoryang Klasisismo – Dula
3.Batay sa Teoryang Klasisismo – Buod ng Nobela
4.Batay sa Teoryang Romantesismo – Tula
5.Batay sa Teoryang Romantesismo – Maikling Kwento
6.Batay sa Teoryang Humanismo – Sanaysay
7.Batay sa Teoryang Esksistensyalismo – Maikling Kwento

**B.Noli Me Tangere**

8.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela
9.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela

C.**Aralin sa Pagsulat**

10. Malikhaing Pagsulat ng Komposisyon

-Pagbubuo ng Bibliyograpi

10

**Ikatlong Markahan**

**A.Pagbasa at Pagpapahalagang Pampanitikan**

1.Batay sa Teoryang Humanismo – Tula

2.Batay sa Teoryang Formalismo – Tula

3.Batay sa Teoryang Formalismo – Maikling Kwento

4.Batay sa Teoryang Eksistensyalismo - Buod ng Nobela

5.Batay sa Teoryang Eksistensyalismo – Dula

6.Batay sa Teoryang Naturalismo – Maikling Kwento

7.Batay sa Teoryang Dekonstruksyon – Maikling Kwento

**B.Noli Me Tangere**

8.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela

9.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela

**C.Aralin sa Pagsulat**

10. Malikhaing Pagsulat ng Isang Komposisyon

- Pagsulat ng Buod ng Isang Binasa

**Ikaapat na Markahan**

**A.Pagbasa at Pagpapahalaga sa Akdang Pampantikan**

1.Batay sa mga Arketayp – Buod ng Nobela

2.Batay sa Bayograpikal na Basa – Tula

3.Batay sa Sosyolohikal na Pananaw – Dula

4.Batay sa Pagka-Feminismo – Maikling Kwento

5.Batay sa saykolohikal na Basa – Iskrip ng Pelikula

6.Batay sa Pagdedekonstrak – Sanaysay

7.Batay sa Pagka-markismo – Maiklign Kwento

**B.Noli Me Tangere**

8.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela

9.Pagsusuri sa Pagkapanitikan Bilang Nobela

**C.Aralin sa Pagsulat**

10. Malikhaing Pagsulat ng Komposisyon

-Pagsulat ng Isang Rebyu

13

- Pagsulat ng Tala Mula sa Natipong Tala

**MGA**
**MUNGKAHING**
**ISTRATEHIYA**
**AT**
**KAGAMITANG**
**PAMPAGTUTURO**

Sa pagtuturo/pagkatuto ng Filipino bilang isang sabjek pangwika namagdedevelop sa kahusayan sa maunawang pagbasa at pagkilala sa mga tiyakna istrukturang gramatikal, gagamitin ang istratehiyang **Teaching Grammar Through Texttypes (TGTT).** Sa ganitong lapit ng pagtuturo, ang pagkatuto ng

tiyak na istrukturang gramatikal ng wika ay kasabay sa paglinang nangmaunawaang pagbasa. Ang pag-aaral ng tiyak na istruktura ng wika ayhahanguin sa mga paksang pangnilalaman sa pagkakataong ito ang binigyan ngfocus ay ang Aralin Panlipunan.

Sa paggamit ng TGTT sa pag-aaral ng istrukturang gramatikal,
mahalagang mabigyan ng pansin ang mga sumusunod:

1.Paglalapit/paglalapat ng texto sa karanasan ng mga mag-aaral

2. Pagsusuring pangnilalaman na nagbibigay tuon sa paksa,pangunahing kaisipan, mga pantulong na kaisipan, mgaopinyong lumutang, mga paniniwalang inihayag. Kinakailanganding makabuo ng pansariling paalagay ang mga mag-aaraltungkol sa nilalaman ng texto.

3.Pagsusuri sa mga ispesifik na katangian ng texto tulad ng tono (kilos o galaw, damdamin ), layon ( ano ang nais sabihin ),paraan ng pagkakasulat ( pagbubuo ng salita, paggamit ngparirala, pagbubuo ng pangungusap, pagsisimula,pagpapalawak, pagwawakas, formalidad ng gamit ng salita ),pananaw, relasyon ng sumulat sa texto,at relasyon ng sumulatsa mambabasa

4. Pagkilala sa tiyak na uri ng texto ( ekspositori, narativ,impormativ, deskriptiv, argumentativ, instruksyunal, referensyal,at prosijural )

5.Pagsusuring Gramatikal ( pagkilala sa mga tiyak na istrukturanggramatikal na ginamit upang maging mabisa ang pagkakabuong texto) )

6.Evalwasyon.Eksposyur sa katulad pang texto

Sa pag-aaral naman ng panitikan, ang pagtalakay ay magsisimula sapaglalapit ng akda sa mga tiyak na karanasan ng mga mag-aaral, susundan ngpagsusuring linggwistika , susundan ng pagsusuring pangnilalaman, pagsusuringpampanitikan, paglikha at pagpapahalaga.

Sa paglalapit sa akda sa maga mag-aaral, iuugnay ito sa mga dati ng
kaalaman at mga tiyak na karanasan.



Susundan naman ito ng pagsusuring panglinggwistika na kung saan angpagsusuri ay ibabatay sa mga tiyak na elementong ponemiko tulad ngsukat/tugma, pag-uulit ng mga salita, pantig, letra , onomatopea. Sa bahagi ringito masusuri ang akda batay sa mga ibig sabihin ng salita ( pamimili ng salita,pahiwatig, kapangyarihan ng salita, pag-aagawan ng kahulugan ng salita,etimoloji ng salita ). Sa bahagi ring ito maaaring suriin ang akda batay sapagkakabuo ng mga pangungusap ( haba,ikli, pag-uulit, pagbabagu-bago ).

Sa pagtalakay naman ng akda sa aspektong pagsusuring pangnilalaman,susuriin ang akda batay sa mga nais sabihin nito, sa mga tiyak na tradisyunal naelemento,pagtukoy sa bisa ng akda sa lipunan ( kamalayang panlipunan).

Sa pagsusuring pampanitikan, ang akda ay susuriin batay sa mga tiyak nateorya, pamanatayan sa pamumuna, katawagang pampanitikan at ugnayan atpagkakaayos ng mga tiyak na elemento ng akda.

Sa paglikha, ang mga mag-aaral ay aakaying makalikha ng mga tiyan nagenre ng panitikan samantalang sa pagpapahalaga, ang mga mag-aaral namanay aakaying mapagsuri ng kanilang sariling gawa at ng gawa ng iba batay samga natutuhang pamantayan.

Sa kabilang banda, ang pagkatuto ng malikhaing pagsulat ng isangkomposisyon ay gagawing isang proseso. May mga tiyak na kasanayanglilinangin sa bawat araw na ang layon ay makasulat sa huling araw ng pag-aaral.Ang anumang naisulat ng mga mag-aaral ay ituturing na personal . Ang isinulatay daraan ng pagwawastong pansarili at pagwawasto ng iba at proseso ngrevisyon. Susundin ang proseso ng pagsulat, pagbabahaginan, pag-eedit,revisyon at faynalisasyon. Tinatawag itong **processed writing.**

Lahat ng mga inaprubahang teksbuk ng departamento ang siyang magiging pangunahing kagamitan/babasahing gagamitin. Ang mga guro ay malayang gumamit ng anumang versyon ng iba't ibang suplementong aklat tulad ng Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere at El Filibusterismo basta't ito ay aangkop sa kahingian ng pagkatuturo at pagkatuto. Sa mga akdang pampanitikan, mananatiling batay ang inaprubahang Kanon ng Panitikang Pilipino na ipamamahagi ng BSE sa bawat dibisyon.

**BATAYAN NG PAGMAMARKA**

Naririto ang gabay sa pagmamarka sa Filipino bilang isang sabjek at larangan ng pagkatuto.

MarkahangPagsusulit..........
25%

Interaksyong Pangklase ……
25%

Pagtataya sa mga Nagawa…..25%

- Pagsasatao
- Panggagagad

15

- Pagkikipagtalo
- Pangangatwiran
- Dagliang Pagtatalumpati
- Pag-uulat

-Pangkatang talakayan

Pagsulat ng Komposisyon.….
10%

- Nilalaman
- Pamamaraan

Lingguhang Awtput na Pasulat.
15%
100%



HANAY NG MGA PANGKALAHATAN AT TIYAK NA KOMPETENSI SA PAGSUSURI SA NOLI ME TANGERE ( para sa dalawang linggong sesyon bawat markahan**)**

UNANG MARKAHAN

**1.Napauunlad at napayayaman ang karanasan sa pamamagitan ng**

**akda upang makapagpalawak ng kaisipan at pananaw sa buhay**

1.1 Nasusuri ang akda batay sa isang tiyak na bahagi ng kasaysayan ng bansa/daigdig

1.2 Naihahanay ang akda sa mga tiyak na isyung panlipunanbatay sa ispesifik na panahon

1.3 Nasusuri ang akda batay sa mga umiiral na pilosopiyang pandaigdig

1.4 Nasusuri ang akda batay sa kaugnayan nito sa karanasan ng sumulat

5 Nasusuri ang akda batay sa istilo ng istruktura tulad ng:

- pagsunod sa anda ng epiko
- pakikipagkapwa-teksto
- pagpapaliguy-ligoy
- paggamit ng dalawahang oposisyon
- pagkapanitikan

IKALAWANG MARKAHAN

**1.Nalilinang ang kahusayang maging mapanuri sa akdang binasa**

1.1 Nakikilala at nasusuri ang akda batay sa magkakaugnay at lohikong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari

1.1.1Nabibigyang-puna ang kabanatabilang siyang simula ng banghay

- pagpapakilala sa mga pangunahing tauhan
- paghahanda sa mambabasa tungkol sa napipintong suliranin

1.1.2Nasusuri ang tiyak na kabanata bilang bahagi na nagpapahayag ng tumitinding galaw

- maiigting na pangyayari na may kinalaman sa pangunahing tauhan

1.1.3Nabibigyang-puna ang tiyak na kabanata na tumutukoy sa kasukdulan tungo sa kakalasan ng nobela

- pagkilala sa pinakamaigting na bahagi

1.1.4Nabibigyang-puna ang bahaging nagpapahiwatig ng wakas ng nobela

- naging resolusyon sa mga suliranin

52

**2.Nasusuri ang akda batay sa masining na paglalarawang pantauhan**

2.1 Nabibigyang-puna ang pagkamakatotohanan ng tauhan batay sa :

- kilos
- paniniwala
- saloobin
- pilosofiya
- gawi
- paninindigan

IKATLONG MARKAHAN

**1.Napahahalagahan akda batay sa mga tiyak na pamantayang pampanitikan**

1.1 Nakabubuo ng kritikal na pagpapasya batay:

- efektivong paggamit ng tunggalian
- efektivong paggamit ng matatalinghagang kaisipan
- efektivong paggamit ng mga tayutay
- efektivong paggamit ng mga simbolo

IKAAPAT NA MARKAHAN

**1.Nailalapat ang mga tiyak na teoryang pampanitikan sa pagsusuri sa akda**

1.1 Nasusuri ang akda batay sa pagka-klasisismo nito sa tulong ng mga bahaging nagpapahayag ng:

- katotohanan
- kagandahan
- kabutihan

1.2 Nasusuri ang akda batay sa pananaw naturalismo sa tulong ng mga bahaging nagpapakita ng:

- kapaligirang karumal-dumal
- pangyayaring kasuklam-suklam
- paglalabanan ng tao para mabuhay

1.3 Nasusuri ang akda batay sa pananaw realismo sa tulong ng mga bahaging nagsasaad ng:

- makatotohanang kaisipan
- pagbabago ng tauhan
- makatotohanang pangyayari

1.4 Nasusuri ang akda batay sa pananaw feminismo sa tulong ng mga bahaging nagpapakita ng mga pangyayaring may kinalaman sa mga tauhang babae



1.5 Nasusuri ang akda batay sa pananaw eksistensyalismo sa tulong gn mga bahaging kinakakitaan ng:

- pagkamakapangyarihan ng tao sa kanyang sarili
- pananagutan ng tao sa kanyang pagpapasya
- kalayaan ng taong mag-isip



**VI.**

**TAKDANG –GAWAIN ( KUNG KAILANGAN LAMANG)**

Tekstong Babasahin

ANG PAG-IBIG

**(Emilio Jacinto)**

Sa lahat ng damdamin ng puso ng tao ay wala nang mahal at dakila na gaya ng pag-ibig.

Ang katwiran, ang katotohanan, ang kabutihan, ang kagandahan, ang Maykapal, at ang kapwa-tao ay siya lamang mangyayaring maging sanhi ng pag-ibig; siya lamang makapagpapabukal sa loob ng tunay at banal na pag-ibig. Kung ang masama at matuwid ay ninanasa rin ng loob, hindi ang pag-ibig ang tunay na siyang may udyok kundi ang kapalaluan at kasakiman.

Kung ang pag-ibig ay wala, ang mga bayan ay hindi magtatagal, at kara-karakangmapapawi sa balat ng lupa ang lahat ng pagkakapisan at pagkakaisa,at ang kabuhayan ay matutulad sa isang dahon ng kahoy na niluoy ng init attinangay ng hanging mabilis.

Ang tunay na pag-ibig ay walang iba kundi iyong makaaakay sa tao sa mga dakilang gawa sukdulang ikawala ng buhay sampu ng kaginhawahan.

Ngunit ang kasakiman at ang katampalasanan ay nag-aanyo ring pag-ibigkung minsan, at kung magkagayon na ay libu-libong mararawal nakapakinabangan ang nakakapalit ng gapatak na pagkakawanggawa na nagigingtabing pa mandin ng kalupitan at ng masakim na pag-iimbot.Sa aba ng mgabulag na isip na nararahuyo sa ganitong pag-ibig.

Ang pag-ibig – wala na kundi ang pag-ibigna tanging binabalungan ngmatatamis na alaala sa nagdaan at ng pag-asa naman sa darating.Sa malawakna dagat ng ating mga kahirapan at pagkadusta, ang pag-ibig ay siyang nagigingdahilan lamang kung kaya natin minamahal pa ang buhay.

Kung ang magulang ay walang pag-ibig sa anak, sino ang magbabatangmag-iiwi sa mga sanggol?At mabubuhay naman kaya ang mga anak sa sarililamang nila?Kung ang anak kaya naman ay walang pag-ibig sa magulang, sinoang magiging alalay at tungkod ng katandaan?Ang kamatayanay lalo pangmatamis kaysa buhay para sa matandang nangangatal ang tuhod at nanlalaboang pagod na mga mata ay wala nang malingapang mag-aakay at makaaaliw sakanyang kahinaan.

Ang pagkahahabag sa ating mga kapwa na inilugmok ng sawing kapalaran hanggang sa tayo'y mahikayat na sila'y bahaginan ng kaunting kaluwagan ang

80

ating pagtatanggol sa naapi hanggang sa isapanganib at idamay natin ang atingbuhay; ang pagkakawanggawa sa lahat kung tunay na umusbong sa puso, alinkaya ang pinagbuhatan kundi ang pag-ibig?

Ang tunay na pag-ibig ay walang ibinubunga kundi ang tunay na ligaya atkaginhawahan.Kailanpama't sapin-sapin ang dusang pinapasan ng bayani, atang kanyang buhay ay nalipos ng karukhaan at lungkot, ang dahilan ay sapagkathindi ang tunay na pag-ibig ang naghahari kundi ang taksil na pita sa yama'tbulaang karangalan.

Sa aba ng mga bayang hindi pinamamahayan ng wagas at taimtim na pag-ibig!

Sa pag-ibig nunukalang kinakailangang pagdadamayan at pagkakaisangmagbibigay ng di-maihahapay na lakas na kailangan sa pagsasanggalang ngmatuwid.

Sa aba ng mga bayang hindi pinamamahayan ng pag-ibig at binubulag nghamak na pagsasarili.Ang masasama ay walang ibang ninanasa kundi angganitong kalagayan.Gumagawa ng daan tungo sa pag-aalitan, kaguluhan,pagtataniman, at pagpapatayan sapagkat kinakailangan ng kanilang kasamaan.Ang hangarin nila ay mapagbukud-bukod ang mga mamamayan upang kungmahina na at dukha dahil sa pag-iiringan, sila ay makapagpapasasa sa kanilangkahinaan at karupukan.

Oh! Sino ang makapagsasaysay ng mga himalang gawa ng pag-ibig?

Ang pagkakaisa na siyang kauna-unahang bunga niya ay isang lakas atkabuhayan, at kung nagkakaisa na't nag-iibigan, ang lalong malalaking hirap aynagiging maaagang pasanin, at ang munting ligaya'y matimyas na nalalasap.Kung bakit nangyari ang ganito ay hindi matatalos ng mga pusong hindinakadarama ng tunay na pag-ibig.

At upang mapagkilalang magaling na ang pag-ibig ay siya ngang susiatmutya ng kapayapaan at ligaya.Ikaw nabumabasa nito, mapagnanakawan mokaya, mapagdadayaan o matatampalasan mo kaya ang iyong ina't mga kapatid?Hindi, pagkat sila'y iniibig, at sa halip ay dadamayan mo ng iyong dugo at sampung buhay kung sila'y nakikitang inaapi ng iba.

Gayundin naman, kung ang lahat ay mag-iibigan at magpapalagayangtunay na magkakapatid, mawawala ang lahat ng mga pag-aapihan na nagbibigayng madlang pasakit at di-mabatang mga kapaitan.

Kung ang pag-ibig sa kapwa ay wala, nilulunod ng malabis na pagsasariliang magagandang akala.Ipalalagay na may tapatna nais at tatawagingmarurunong ang mabuting magparaan upang matamasa sa dagta ng iba, atituturing na hangal yaong marunong dumamay sa kapighatian at pagkaapi ngkanyang mga kapatid.

81

Maling mga isip at ligaw na loob ang manambitan sa mga hirap ng tao sainaakalang walang katapusan.Sukat ang matutong magmahal at manariwangmuli sa mga puso ang wagas na pag-ibig sa kapwa, at ang tinatawag na bayanng hinagpis ay matutulad sa tunay na paraiso.

Tekstong Gagamitin sa Paghahambing

ANG DAPAT MABATID NG MGA TAGALOG

(Andres Bonifacio)

"ITONG KATAGALUGAN na pinamamahalaan ng unang panahon ng ating tunay na mga kababayan iyaong hindi pa tumutuntong sa mga lupaing ito – ang mga Kastila ay nabubuhay sa lubos na kasaganaan, at kaginhawahan. Kasundo niya ang mga kapitbayan at lalung-lalo na ang mga taga Hapon, sila'y kabilihan at kapalitan ng mga kalakal.Malabis ang pagyabong ng lahat ng pinagkakakitaan, kaya't dahil dito'y mayaman ang kaasalan ng lahat, bata't matanda at sampung mga babae ay marunong bumasa at sumulat ng talagang pagsulat nating mga Tagalog.Dumating ang mga Kastila at dumulog na nakipagkaibigan.Sa mabuti nilang hikayat na di umano, tayo'y aakayin sa lalung kagalingan at lalong imumulat ang ating kaisipan, ang nasabing nagsisipamahala ay nangyaring nalamuyot sa tamis ng kanilang dila sa paghibo.Gayon man sila'y ipinailalim sa talagang kaugalian ng mga Tagalog na sinaksihan at pinapagtibay ang kanilang pinagkayarian sa pamamagitan ng isang panunumpa na kumuha ng kaunting dugo sa kanilang mga ugat, at yao'y inihalu't ininom nila kapwa tanda ng tunay at lubos na pagtatapat na di magtataksil sa pinagkayarian. Ito'y isang tinatawag na "Pacto de Sangre" ng haring Sikatuna at ni Legaspi na pinakakatawan ng hari sa Espanya.

Buhat nang ito'y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong daang taonmahigit na ang lahi ni Legaspi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan, atingpinagtatamasa at binubusog, kahit abutin natin ang kasalatan at kadayuk-dukan;iginugugol natin ang yaman, dugo at sampu ng tunay na mga kababayan naayaw pumayag na sa kanila'y pasakop, at gayon

din naman nakipagbaka tayo samga Intsik at taga-Holanda ng nagbalang umagaw sa kanila nitong katagalugan.

Ngayon sa lahat ng ito'y ano sa mga ginawa nating paggugol angnakikitang kaginhawahang ibinigay sa ating Bayan?Ano ang nakikita natingpagtupad sa kanilang kapangakuan na siyang naging dahilan
ng atingpaggugugol!Wala kundi pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala atmga pagtupad sa kanilang ipinangakong tayo'y lalong gigisingin sa kagalinganay bagkus tayong binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak asal, pinilit na siniraang mahal at magandang ugali ng ating Bayan; iminulat tayo sa isang malingpagsampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng atingBayan; at kung tayo'y mangahas humingi ng kahit na gabahid na lingap, angnagigingkasagutan ay ang tayo'y itapon at ilayo sa piling ng ating minamahal naanak at, asawa at matandang magulang.Ang bawat isang himutok na pumulas 82

sa ating dibdib ay itinuturing na isang malaking pagkakasala at karaka-rakang nilalapatan ng sa hayop na kabangisan.

Ngayon wala nang maituturing na kapanatagan sa ating pamamayan;ngayong lagi nang ginagambala ang ating katahimikan ng umaalingawngaw nadaing at pananambitan, buntong-hininga at hinagpis ng makapal na ulila, balo'tmga magulang ng mga kababayang ipinanganyaya ng mga manlulupig naKastila; ngayon tayo'y
malulunod na sa nagbabahang luha ng Ina na nakitil na buhay ng anak sapanangis ng sanggol na pinangulila ng kalupitan na ang bawat patak ay katuladng isang kumukulong tingga, na sumasalang sa mahapding sugat ng atingpusong nagdaramdam; ngayon lalu't lalo tayong nabibiliran ng tanikala ngpagkaalipin, tanikalang nakalalait sa bawat lalaking may iniingatang kapurihan.Ano ang nararapat nating gawin?Ang araw ng katwiran na sumisikat saSilanganan ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulaganang landas na dapat nating tunguhin, ang liwanag niya'y tanaw sa ating mgamata, ang kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal.Itinuturo ng katwiran, na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asasaipinangakong kaginhawahan na hindi darating at hindi mangyayari.Itinuturo ngkatwiran, na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asa sa ipinangakongkaginhawahan na hindi darating at hindi mangyayari.Itinuturo ng katwiran angtayo'yumasa sa ating sarili at huwag antayin sa iba ang ating kabuhayan.Itinuturo ng katwiran ang tayo'y magkaisang-loob, magkaisang-isip at akala atnang tayo'y magkalakas na maihanap ang naghaharing kasamaan sa atingBayan.Panahon nangayong dapat na lumitaw ang liwanag ng katotohanan;
panahon ng dapat nating ipakilala na tayo'y may sariling pagdaramdam, maypuri, may hiya at pagdadamayan.Ngayon panahon ng dapat simulan angpagsisiwalat ng mga mahal at dakilang aral na magwawasak sa masinsing tabingna bumubulag sa ating kaisipan; panahon na ngayong dapat makilala ng mgaTagalog ang pinagbuhatan ng kanilang mga kahirapan.Araw na itong dapatkilalanin na sa bawat isang hakbang natin ay tumuntuntong tayo at nabibingit samalalim na hukay ng kamatayan na sa ati'y inuumang ng kaaway.

Kaya! Oh mga kababayan! Ating idilat ang bulag na kaisipan at kusangigugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag-asa namagtagumpay sa nilalayong kaginhawahan ng bayang tinubuan.